# A Love Like His

## Pagkilala sa Perpektong Pagmamahal ng Diyos

WEEK 1

### WARM-UP

- Isipin ang pelikula o serye tungkol sa pagmamahal na napanood mo sa TV. Ibahagi ang ilang eksenang tumatak sa 'yo.
- Ano ang isa sa mga pinakamasayang bagay na nagawa ng isang tao para sa 'yo, at paano ito nakaapekto sa 'yo?
- Bakit mahalaga ang pagmamahal?

### WORD

*[7]Mga minamahal, mag-ibigan tayo dahil ang pag-ibig ay*
*mula sa Diyos. Ang umiibig sa kanyang kapwa ay anak ng*
*Diyos at kumikilala sa Diyos. [8]Ang sinumang hindi umiibig*
*sa kanyang kapwa ay hindi kumikilala sa Diyos dahil ang*
*Diyos ay pag-ibig. [9]Ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-*
*ibig sa atin nang isinugo niya ang kanyang kaisa-isang*
*anak dito sa mundo, upang sa pamamagitan niya ay*
*magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. [10]Ito ang*
*tunay na pag-ibig: hindi tayo ang umibig sa Diyos kundi*
*siya ang umibig sa atin; at isinugo niya ang kanyang*
*anak upang akuin ang ating mga kasalanan para sa*
*kapatawaran natin.* **1 JUAN 4:7–10**

(Basahin din ang **1 JUAN 4.**)

Kapag nakikinig tayo ng mga kanta, nagbabasa ng mga kwento, o nanonood ng mga video tungkol sa pagmamahal, madalas ay tungkol ito sa damdamin. Para sa iba, ang pagmamahal ay parang palitan kung saan may inaasahang makukuha ang bawat isa. Dahil dito, nagiging mali ang pananaw natin sa pagmamahal. Pero ang pagmamahal ng Diyos ay perpekto, walang kondisyon, at kaya tayong baguhin. Kaya hinikayat ni apostol Juan ang mga nakikinig sa kanya na magmahal gaya ng Diyos. Ngayong araw, pag-usapan natin kung paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal at kung paano natin maipapakita ang pagmamahal sa iba.

### PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang mamatay para sa atin bilang tanda ng Kanyang pagmamahal. Pasalamatan Siya na kaya nating magmahal dahil una Niya tayong minahal.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang manatili sa Kanyang pagmamahal araw-araw, hindi ayon sa pamamaraan ng mundo kundi sa Kanyang paraan.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng pusong nagmamalasakit sa iba at gabayan ka kung paano mo maibabahagi ang Kanyang pagmamahal sa mga tao sa paligid mo ngayong linggo.

### NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez, Pastor Romeo Mercado, Mark Muleta

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Ang pagmamahal ay likas sa Diyos.

*[7]Mga minamahal, mag-ibigan tayo dahil ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang umiibig sa kanyang kapwa ay anak ng Diyos at kumikilala sa Diyos. [8]Ang sinumang hindi umiibig sa kanyang kapwa ay hindi kumikilala sa Diyos dahil ang Diyos ay pag-ibig.*
**1 JUAN 4:7–8**

Sinabi ni Juan na ang Diyos ang pinagmumulan at tunay na kahulugan ng pagmamahal. Ang pagmamahal ay hindi lang katangian ng Diyos—ito ay likas sa Kanya. Lahat ng Kanyang ginagawa ay puno ng pagmamahal. Kapag tayo ay may relasyon sa Diyos, natututo tayong sundin ang Kanyang mga paraan at magmahal ng iba tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa 'yo? Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa iba sa pamamagitan mo?

## 2 Ipinakita ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus.

*[9]Ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isinugo niya ang kanyang kaisa-isang anak dito sa mundo, upang sa pamamagitan niya ay magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. [10]Ito ang tunay na pag-ibig: hindi tayo ang umibig sa Diyos kundi siya ang umibig sa atin; at isinugo niya ang kanyang anak upang akuin ang ating mga kasalanan para sa kapatawaran natin.* **1 JUAN 4:9–10**

Sinira ng kasalanan ang tamang pag-unawa natin sa pagmamahal. Hindi na kayang ipakita ng tao ang tunay na pagmamahal at madalas tayong nagkukulang. Pero dahil sa dakilang pagmamahal ng Diyos, pinadala Niya si Jesus para ipakita sa atin kung ano ang tunay na pagmamahal. Ang kamatayan ni Jesus sa krus ang pinakamagandang halimbawa ng pagmamahal ng Diyos—may pagsasakripisyo, hindi ipinagdadamot ang sarili, at walang kondisyon. Paano binago ng ginawa ni Jesus sa krus ang pagkaunawa mo sa pagmamahal?

Binabago tayo ng pagmamahal ng Diyos mula sa loob at ibinabalik ang tunay nating pagkakakilanlan sa Kanya. Tinawag ni Juan ang kanyang mga tagapakinig na *minamahal* at sinabing ang mga tunay na nagmamahal sa iba ay mga ipinanganak ng Diyos. Habang patuloy nating nauunawaan ang Kanyang pagmamahal, sana ay mas lumalim pa ang ugnayan natin sa Kanya at maibahagi natin ang Kanyang pagmamahal sa mga tao sa paligid natin.

## APPLICATION

- Paano binago o hinamon ng mga napag-usapan natin ang pananaw mo sa pagmamahal?
- May mga bagay bang humahadlang sa 'yo na tanggapin ang pagmamahal ng Diyos? Ipagdasal na matulungan ka Niya na malampasan ang mga ito.
- Sino sa paligid mo ang nangangailangan ng pagmamahal ng Diyos ngayong linggo? Paano mo ito maipapakita sa kanila sa pamamagitan ng iyong mga salita at gawa?